

Paghihigpit ng Immigration Control at sa pagbibigay ng kwalipikasyon bilang refugee ★★★

## Mga banyagang pumapasok sa Japan kailangang kuhanan ng fingerprints

Ang US at mga bansa sa Europa ay naghihigpit upang matigil ang pagpasok ng mga terorista sa kanilang bansa, gayundin dito sa Japan, binago ang ilang patakaran ng Immigration at naging mahigpit sa pagbibigay ng kwalipikasyon bilang refugee.



### Pagbabago

## ● Paghihigpit ng Imigrasyon para mapuksa ang terorismo

Upang mapangalagaan ang seguridad ng bansa at para hindi makapasok ang mga terorista

- 1) Ang mga banyagang nais pumasok ng Japan ay hinihingan ng impormasyong pagpapatunay kagaya ng fingerprints, photographs at iba pang kasulatang pagpapatunay .
- 2) Ang Ministry of Justice matapos makunsulta sa iba pang sanggay ng pamahalaan ay maaring magpadeporta sa mga mapapatunayang suspects na terorista bago pa man makapasok ng bansa.
- 3) Hinihingi din ng pamahalaan sa kapitan ng mga eroplano at barko ang listahan ng kanilang mga tauhan at mga pasahero bago pa man tumungo ng bansang Hapon.
- 4) Sa bagong batas, ang mga autoridades ay maaring magpadeporta sa mga napaghihinalang maaring maging sanhi ng gulo o terorismo gayundin ang makilalang mga suspects o iba pang hindi pinapayagang pumasok ng bansang Hapon ayon sa kasunduan ng international agreement

## ● Bagong regulasyon para sa mas mabilis na sistema ng Imigrasyon

**Mas mabilis na sistema para sa mga mamayang Hapon at piling banyagang may legal na status, mas madaliang pamamaraan ng imigrasyon. Mas mahigpit ngayon ang imigrasyon para malantad din ang mga banyagang illegal na naninirahan sa bansa at para madali silang mapeporta.**

- 1) May bagong automatic inspection gate sa immigration ngayon, kung saan ginagamit ang personal na identipikasyon para mas mabilis ang inspeksyon at paglabas ng airport. Mga banyagang may espesyal na visa bilang residente ay maari ding gumamit ng nasabing gate.
- 2) Ang mga banyagang napeporta ng walang restriksyon ay maaring makauwi kaagad sa sariling bansa kung siya ay makabibili ng sariling plane ticket o kaya maaring pumunta sa ibang bansa kung mabibigyan ng visa.

### Translation services



Maaaring magpa-translate sa FICEC ng mga dokumentong kailangan sa city hall, town hall o immigration office. Maaring masalin mula sa wikang Ingles, Chinese, Korean, at iba pang ilang wika sa Nihonggo o vice-versa . Ang kabayaran ay depende sa mapagkakasunduan.

Tumawag lamang sa--- **049—256—4290**

**●Dapat Malaman!** May mga aksidenteng pagkakaroon ng sunog gawa ng water gas heaters na gamit sa loob ng bahay. Ang mga ito ay produkto ng Paloma. Tingnan ngayon din kung ang inyong gas heater ay gawa ng Paloma.

Kung ang inyong water gas heater ay isa sa mga modelong ito -- Tumawag kaagad!

PH-81F	PH-82F
PH-101F	PH-102F
PH-131F	PH-132F
PH-161F	



Ang mga nasabing modelo ng indoor gas heaters ay may depekto at maaring hindi gumagana ng maayos kayat maaring maging sanhi ng sunog o kagayang aksidente. Inaako ng Paloma Industries ang libreng pagpapaayos, inspeksyon o pagpapalit ng bagong produkto. Tingnan ang inyong water heater at kung ito ay isa sa mga modelong nabanggit, kaagad kontak in ang Paloma Industries.

Contact free dial **0 1 2 0 - 3 1 4 - 5 5 2**

**Sumali sa-- "Samahan ng mga moms and kids"**

Mga banyagang nanay na may maliliit na anak—inaanyayahan namin kayong sumali sa moms and kids' club para kayo ay malibang at magkaroon ng mga bagong kaibigan.

Wala pang eksaktong schedule kaya tumawag lamang para malaman ang buwanang schedule.

**Tel : 049-256-4290**



"Laruang gawa sa kahon" kuha noong nakaraan

**SUMALI sa \*\*\* "International Cultural exchange forum" sa Fujimi-shi"**

Oct. 15<sup>th</sup> (Sun.) sa Fujimino Koryu Center (10 minuto mula Fujimino station) 12:00~16:00

Huwag palampasin ang kasiyahan ito! Sumali at magkaroon ng bagong kaibigan.